# Prologue

Si Don Ishmael Del Carmen, ang sikat at multi-millionaire na pilantropo ay naghihingalo matapos atakihin sa puso dala ng komplikasyon sa pneumonia. Hiniling na nitong umuwi upang sa sariling tahanan mamatay.

Napakatahimik ng buong mansyon ng mga Del Carmen; ang mga katulong ay tinginan lamang ang komunikasyon imbis na ang dating taltalan ng mga dila. May isang katulong na hindi nakatiis sa katahimikan kaya kinalabit nito ang maid na galing sa itaas ng bahay.

"Ano," bulong nito, "patay na ba?"

"Hindi pa, 'no!" mariing bulong din ng natanungan. "Talagang ayaw pa ni Señor na bumitaw. At iba na rin ang mayaman, hindi ba?"

"Sinabi mo pa," sagot ng unang katulong. "Kung mahirap ka'y titigukin ka agad pero kapag mayaman ka, pilit kang bubuhayin na kulang na lang ay gawin kang hamonado para malaki ang kanilang bayad!"

Nais sanang bumunghalit ng tawa ang dalawa nang marinig nila ang tunog ng sneakers ng

mayordoma sa marmol na sahig. Agad na nagpulasan ang mga ito patungo sa kani-kaniyang designasyon sa bahay.

May humimpil na limousine sa magarang driveway sa harapan ng bahay at agad na nagtungo ang mayordoma sa dakong pintuan upang salubungin ang bagong dating.

"Magandang gabi po, Señora Eliza," bati nito sa nakatatandang kapatid ni Don Ishmael. "Napakalungkot po ng muli n'yong pagdalaw sa inyong kapatid."

"Huwag mo na akong samahan sa itaas, Naty," sabi ni Eliza Del Carmen na isang biyudang hindi na ginagamit ang pangalan ng namatay na asawa. "Napasabihan na ba si Edmundo Ricardo tungkol sa kanyang papa?"

"Opo," tugon ng mayordoma na tumigil sa paanan ng hagdanan. "Tinawagan na po siya ng sekretarya ni Señor."

"Nasaan sa ngayon ang aking magaling na pamangkin?" aniya na napatigil sa unang baitang, ang eleganteng kamay ay nakahawak sa ibabaw ng balustre. Kumikinang ang napakalaking brilyanteng singsing sa palasingsingan nito.

"Eh, nasa New York daw po," atubiling sagot ng mayordoma.

"Nahuhumaling pa rin d'un sa international fashion model niyang nobya?" nakataas ang kilay na tanong ng eleganteng babae.

"Ang balita ko po ay iba namang babae ang sinusundan, Señora. Isa pong artista sa pelikula," magalang na sagot ng mayordoma.

Napailing na lamang siya. Kung ang kapatid niyang naghihingalo ay kilalang playboy noong araw, ang pamangkin na si Edric ay sumunod sa yapak ng ama at masahol pa. Kung saan nandoon ang babae ay pilit susundan kahit sa dulo pa ng daigdig at kahit magkano ay gagastusan.

Dinalhan na ng komunyon ang malapit nang mamatay na don. Ang bunsong kapatid nito na si Cita Del Carmen na isang matandang dalaga ay nakaupo sa isang silyang brocade sa tabi ng kama at umuusal din ng dasal kasabay ng pari.

Napataas na naman ang kilay ni Eliza. Ang mga ganoong uri ng seremonyas ay hindi ikatutuwa ng kanilang kapatid na kalahati yata ng buhay nito ay hindi man lamang pumasok sa simbahan at pinagtatawanan ang mga taong madasalin.

Tamang tapos na ang pagdarasal ng pari nang makapasok siya. Lumapit siya sa kama at hinawakan ang malamig na kamay ng kapatid. Inalis na ang oxygen mask at isang tubo na lamang ang nakapasok sa ilong nito upang mag-supply ng oxygen doon.

"Ishmael," sabi niya sa normal na tono na para bang kalakasan pa rin ang taong kausap, may bahid ng pagsesermon ang tinig, "ano? Naririnig mo pa ba ako? Nais mo ba ng alak? May dala akong isang bote ng masarap na vintage champagne. Kapag hindi ka nagsumikap na mabuhay ay hindi mo matitikman iyon!"

Nagmulat ng mga mata si Don Ishmael. "A—yoko na," anitong pilit na ngumiti at kahit sa kamatayan ay nais magbiro. "Ang—gusto ko—ay—fourteen years old—na ba—ba—e...."

Natawa sina Eliza at Cita; nakisakay naman sa biro ng kapatid. "Naku, Ishmael," aniya, "kahit kailan, ikaw ay makamundo!"

"Nasaan—si Edric?"

"Nasa kung saang lupalop," sagot niya. "Maaga mo kasing tinuruan na mambabae, kaya hayan, kung kailan kailangan na nandito'y hindi mahagilap dahil babae ang inaatupag!"

"Bayaan—mo—siya," ani Don Ishmael.

Pagkasabi niyon ay nalukot ang mukha nito na parang sumailalim ng matinding sakit, namilipit ang katawan at umunat; humugot ito ng isang napakahahabang hininga at saka inilabas ang natitira pang hangin.

Iyon na ang huling hininga ni Don Ishmael Del Carmen.

---

Natatawa si Marie Anne sa kanyang binabasang comics.

"Ano 'yan, Anak?" tanong ng kanyang amang naka-confine sa ospital na iyon.

"*Pugad Baboy*, Dad," tugon niyang pinipigil ang tumawa nang malakas dahil hindi lamang silang mag-ama ang naroon sa male ward kundi siyam pang pasyente at ang kani-kanyang bantay ng mga ito.

"Iyan ba 'yung pulos matataba ang mga characters?" sabi pa ni Professor Jose Peralta. "Maganda nga 'yan. Pagkatapos mo'y ako naman, ha?"

"Naku, Dad," tugon niya, "huwag mo nang pagurin pa ang mga mata mo. Baka mamaya'y

humihingi ka na naman ng painkiller. Matulog ka na at magpahinga."

"Anong oras na ba?"

"Alas diez ng gabi," sagot niya, itinigil ang pagbabasa ng comics at inilagay iyon sa loob ng drawer ng mesita sa tabi ng kama. "Mayamaya ay iinom ka ulit ng gamot."

"Gamot na naman?" tugon nito. "Puwede bang isang lunukan na lamang ang pag-inom ng gamot? At ang dextrose, puwede bang laklakin ko na lamang?"

Natawa si Anne. "Ikaw talaga, Dad, mahilig pa ring magpatawa," aniya rito. "Kapag ganyang intact pa ang iyong humor ay matagal ka pang mabubuhay."

"Sa palagay ko nga'y iyon na lamang ang nagpapalakas ng aking loob," malungkot na tugon nito. "At saka, siyempre, ang pag-aalaga mo."

"Sino pa ba naman ang mag-aalaga sa 'yo kundi ako?" masuyo niyang sabi. "Kahit nasa wastong gulang na ako'y ayoko pang maging ulilang lubos. At saka, sabi ni Dr. Pagarigan ay may pag-asa pang ma-reverse ang stage na iyan ng sakit mo sa kidney."

"Oo nga, pero wala naman tayong pantustos para sa kung anu-anong therapy at treatment," tugon nito.

"Kung puwede nga lamang bang pumili ang tao ng magiging sakit, hindi ko pipiliin ang ganitong sakit pangmayaman. Sa tingin ko'y hindi therapy ang aking kailangan kundi 'perapy.' Dahil pera ang kailangan natin para gumaling ako."

"Ikaw naman, Dad," aniya na natatawa na naman at kinuha ang kamay nito, "tila sumusuko ka na? May mga dapat ka pang tapusing trabaho. At saka, alam mo, nagkataon lamang na nasa ibang bansa ang suki mo kaya hindi ko maibenta 'yung dalawang paintings na natapos mo bago ka nagkasakit. Malamang na bilhin iyon ni Mr. Cortez at saka sino pa 'yung isa…?"

"Malapit na akong mamatay…. At tataas ang value ng aking mga paintings."

"No, Dad," iling niya, "lalawig pa ang iyong buhay. Mark my word, marami ka pang magagawang mga obra maestra. At saka pangako mong igagawa mo ako ng formal portrait kaya wala kang karapatang iwan ako."

Napangiti ang kanyang ama at napapikit ito dahil nakadama na naman ng sakit. Napakapit ito nang mahigpit sa kamay niya na tila humihingi sa kanya ng lakas. Kung puwede lamang bang makihati sa pisikal na sakit na nadarama nito ay kanyang gagawin. Subalit wala siyang magawa kundi ang

panoorin ang pamimilipit nito sa sakit, pakinggan ang pag-aringking nito, at gayahin ang pag-contort ng dati ay guwapo nitong mukha na ngayon ay hapis na hapis na sa sobrang paghihirap.

Makaraan ng ilang minutong pamimilipit sa sakit ay dumating ang nurse para painumin ito ng gamot at saksakan ng painkiller upang matahimik at nang hindi nakakabulahaw sa iba pang namamahingang mga pasyente. Bandang alas onse y media nang muling makatulog ang kanyang ama.

Mahigit tatlong linggo na sila sa ospital na iyon at ang mabigat na problema niya ay lampas na sa limit ng kanyang health insurance ang nagugugol ng ama sa pananatili roon. Nangangailangan pa sila ng malaking halaga para makapag-chemotherapy ito at sumailalim sa isang maselang kidney transplant operation. Sa kasalukuyan ay hinihikayat pa niya ang ilang mga kamag-anak para maging donor na malapit ang tugma sa DNA structure ng kanyang ama. Ngunit nahihirapan siya dahil takot ang mga itong sumailalim sa operasyon at mabawasan ng isa ang dalawang bato. Nitong nakaraang test na isinagawa ay kailangan ding operahan ang prostate gland nito kaya pilit niyang kurtahin ang kanyang utak kung saan siya kukuha ng salapi.

Habang tulog ang ama ay sinamantala ni Anne na lumabas ng ward at bumaba sa lobby ng ospital upang makapagpahangin. Nais niyang langhapin ang malamig na simoy ng hangin ng gabi. Nagtungo siya sa tabi ng fountain sa garden ng ospital kung saan nandoon ang mga bantay ng iba pang mga pasyente na nagpapalipas ng oras sa paninigarilyo o dili kaya ay malayang nagkukuwentuhan tungkol sa mga binabantayan. Dinala na rin niya ang thermos upang makahingi ng mainit na tubig sa nurse's station.

Paglabas pa lamang ng ward ay napansin na niya ang lalaking iyon na nakatingin sa kanya. Nakatayo ito sa tabi ng pay phone na tila naghihintay subalit hindi naman. Nilampasan niya ang tapat ng pay phone nang lumakad siya patungo sa nurse's station at saka humingi ng mainit na tubig. Dahil nakasalang pa lamang ang takure ay iniwan na muna niya roon ang thermos at saka na naglakad patungong hagdanan; sumunod ang lalaki. Biglang nagbago ang kanyang isip at minabuting mag-elevator na lang. Hindi na siya sinundan ng lalaki sa elevator; naisip niyang marahil ay nagkataon lamang na pareho silang bababa nang mga sandaling iyon.

Pagdating sa cafeteria ng ospital ay nag-order siya ng kape at ipinalagay iyon sa styropor na baso upang madala niya sa labas.

Nais niyang mag-isip. Kailangan niyang isipin kung paano nila malalampasang mag-ama ang suliranin sa kasalukuyan.

Sa totoo lang, napakabigat na problema niyon. Nitong nakaraang linggo lamang ay natanggal siya sa trabaho dahil magsasara na ang kompanyang pinapasukan niya. Maliit lang na halaga ang kanyang tatanggapin bilang separation pay dahil dadalawang taon pa lang siya roon. Kung tutuusin ay noong nakaraang isa't kalahating buwan pa siya dapat nasali sa retrenchment subalit binigyan lang siya ng konsiderasyon dahil alam ng kanyang boss ang mahigpit niyang pangangailangan. Hindi naman siya makahanap ng panibagong trabaho dahil hindi niya puwedeng iwan ang amang may-sakit.

Matagal nang nakuha ng kanyang ama ang retirement benefit sa universidad na pinagturuan nito bilang professor ng Fine Arts; naubos din agad iyon matapos nilang bumili ng kapirasong lote at ang iba ay nagastos na sa dialysis nito.

*Ayaw kong maging ulila,* sabi niya sa isip. Naramdaman na lamang niyang gumagapang pababa ng magkabila niyang pisngi ang luha; ngayon ang panahon para masuklian niya kahit kaunti ang hirap at sakit na dinanas ng kanyang ama bilang single

parent. Pinalaki siya nito, pinag-aral, pinakain, dinamitan, at hindi na nga ito nag-asawang muli dahil ayaw nang mahati pa ang pagtingin nito sa kanya.

Ang frustration niya ay hayun nga siya at may kakayahang kumita, subalit hindi naman magawang kumita nang malaki. Kung anu-ano nang paraan ang kanyang naisip para lamang makalikom ng malaking halaga para sa operasyon ng ama. Naroon ang maisip niyang ibenta ang kanilang bahay at lupa. May inilagay na nga siyang paskil na house and lot for sale sa tarangkahan ng kanilang bahay. Ang kanilang lumang kotse ay naibenta na niya sa isang kaopisina sa halagang parang bigay na lamang dahil kailangan niya noon ng pambili ng gamot.

Noong unang confinement ng kanyang ama sa isang maliit na pribadong ospital ay hindi siya nasiyahan sa serbisyo kaya sa mamahaling ospital na niya ito sumunod na ipinasok. Doon lamang na-detect ang tunay nitong sakit. May cancer ito sa bato at kailangang maagapan na upang hindi na kumalat. At nitong nakaraang linggo pa ay ang problema nito sa prostate gland ang na-detect.

*God, what am I to do? Kumakalat na ang sakit ni Daddy....*

“Huwag mo nang paabutin pa sa tag-ulan,” sabi

sa kanya ng doktor nang hapong iyon. “Ihanda mo na ang sinabi ko sa iyong halaga so we can operate on your dad as soon as possible.”

Tinanong niya kung bakit hindi na dapat pang patagalin hanggang tag-ulan ang paghihintay ng kanyang ama.

“People with that kind of disease die during the rainy season,” sagot ng doktor.

Para na ring binigyan ng taning ang buhay ng ama niya sa sinabi nito. Lalo siyang natuliro at nadesperado.

Nasa isipan ni Anne kung saan siya kukuha ng malaking halaga ng salapi nang maramdaman niyang may tao sa kanyang likuran.

“Ah... excuse me?” suyo ng lalaking kanina pa nakatingin sa kanya.

# 1

Hinatak ni Dr. Pagarigan si Mandy Arenas sa labas ng ward.

"Mag-usap tayo sa aking opisina habang under sedation pa siya," utos ng doktor na naglakad patungo sa kabilang wing ng gusali kung saan nandoon ang mga opisina ng mga espesyalistang doktor.

"Bakit po, Doc, malala po ba ang sakit niya?" tanong niya na sumabay rito.

"Ang sabi ko sa kanya'y sa iyo ko na muna sasabihin," tugon ng siruhano. "I am not very good at telling my patients about how they're doing, kaya sa iyo ko na ibinibigay ang responsibilidad. And I also would like to know kung hanggang magkano ang kaya mo para matustusan ang kanyang sakit."

Napalunok si Mandy; nahihigingan na niyang kakailanganing mag-produce ng malaking halaga upang maipagamot si Rosemarie.

Nang makarating sila sa opisina ng doktor ay may kinuha itong ilang kopya ng laboratory tests na isinagawa kay Rosemarie at ipinaliwanag sa kanya kung ano ang sinasabi ng mga resultang iyon.

"I had it confirmed already," sabi nito. "She needs a kidney transplant operation. We need to remove both of her kidneys sa lalong madaling panahon bago kumalat ang cancerous growth. Sa ngayon pa lamang ay humanap ka na rin ng donor na makukuhanan natin ng bato."

"Saan ako makakatagpo ng donor, Doc?" nalilitong tanong niya. "Hindi ba kailangang maraming tao ang pagkuhanan ng sample para malaman kung sino ang pinakamalapit na match? Hindi ba kailangan ding gumastos nang malaki para doon?"

"Ganoon na nga," sang-ayon nitong walang magawa kundi ang makisimpatya. "Pero kung maaari ay simulan mo sa pinakamalapit na kamag-anak. For the meantime, under laser treatment na muna siya at chemotherapy."

"Ubos na ang savings namin at walang pakialam ang kanyang mga kamag-anak lalo pa ngayong may-sakit siya. Itinakwil kasi siya ng sariling pamilya nang maging bold dancer siya sa nightclub at magpalipat-lipat sa kung sinu-sinong lalaki. Alam n'yo naman ang buhay ng isang dancer na katulad niya.... At bago pa lang siya nagsisimula sa pelikula; wala pa kaming masyadong kakilala sa showbiz," paliwanag niyang napayuko at napahagod sa batok. "Nakahingi na rin

kami ng tulong sa mga kasamahan niya sa club; iilan lang din ang kanyang mga kaibigan. Hiyang-hiya na kaming humingi dahil sobra-sobra na rin ang kanilang naibibigay. Wala na ho bang ibang paraan?"

"Kapag naoperahan na siya ay chemotherapy at hemodialysis na lamang ang kailangan at medyo magaan-gaan na ang gastos hanggang sa bumalik sa normal ang kanyang kalusugan," anang doktor. "Pero, siyempre, hindi na puwede iyong sobrang hectic ng schedule niya sa trabaho."

"Eh, magkano po ang dapat kong i-raise na pera para sa kanyang operasyon?" tanong niya. Ang binanggit na halaga ng doktor ay nakakalula. "Naku, napakamahal naman!" bunghalit niya.

"Ganyan din ang sinabi n'ung anak ng isa ko pang pasyente na katulad din ng kay Rosemarie ang sakit," sabi nito. "Hindi rin niya alam kung saan kukunin ang halagang sinabi ko para maoperahan ang kanyang ama. At alam mo ba, sa tuwing makikita ko ang dalagang iyon ay naaalala ko si Rosemarie dahil pareho silang mahaba ang buhok at may puyo rin sa noo. Nasa male ward ang kanyang ama at gaya rin ni Rosemarie mo, naghihintay na lang ng oras kung hindi maooperahan."

May sasabihin sana siya nang sumilip ang

sekretarya ng doktor sa pinto. "Doc, nais ka daw makausap sandali ni Dr. Reyes sa line three."

"Okay," tugon ni Dr. Pagarigan na dinampot ang telepono at nagsimulang makipag-usap.

Si Mandy naman ay napatingin sa katabing folder ng patient's report ni Rosemarie. Nabasa niya ang pangalan ng isa pang pasyente na tila pamilyar at saka naalala ang mga nakapaskil na pangalan sa nurse's station at sa bawat pinto ng mga wards. May mga sandaling nakakainip ang pagbabantay sa nobya kaya naglalakad-lakad siya paminsan-minsan at nababasa ang kung anu-anong nakasulat sa pasilyo ng ospital.

Nang matapos ang panayam niya sa doktor ay nagbalik na siya sa silid ni Rosemarie.

---

"Ano ang sabi ni doc?" tanong agad ni Rosemarie nang wala nang bisa ang pampatulog.

"Okay naman daw," tugon ni Mandy na sinadyang magsinungaling. "Nagreresponde daw ang katawan mo sa mga gamot at kapag naoperahan ka na'y tiyak na hundred percent ang iyong paggaling."

"Ay, salamat naman," tuwang sabi nito at

napabuntunghininga. "Natatakot akong iwan ka, eh."

"Huwag ka ngang mag-isip ng kung anu-ano," saway niyang hinawakan ang kamay ng babae. "Basta ang isipin mo'y gagaling ka at pagdating ng oras na iyon ay balik-pelikula ka na uli dahil marami ang humanga sa iyong acting sa una mong pelikula. May mga dumarating na offers, sabi ni Manay Arnel. Magpagaling ka daw at ikaw ang kukuning bida sa susunod na gagawing pelikula ni Direk Lauro."

"Kailangan ko na talagang gumaling...."

"Oo, kailangan na kung di'y magugutom tayo," masuyong saad niya. "Mas malakas ka talagang kumita kesa sa akin. Biruin mo, nagprisinta akong ipagmaneho si Mrs. Barredo. Nang mahuli kami sa appointment niya nang dahil sa traffic ay ako ang sinisi at napakabagal ko daw."

"Hayaan mo na," mahinang tugon nito. "Pagdating mo sa bahay mamaya ay kunin mo 'yung susi sa ilalim ng lalagyan ko ng mga panyo. Susi iyon sa isang drawer ng aking tokador at mayroon pa akong naitatago doon na mga alahas. Ibenta mo na muna iyon nang may magastos ka. At kung kapusin na talaga'y puwede na sigurong isanla 'yung bahay at lupang naipundar natin," suhestyon pa nito.

"Naku, alam mo naman na kahit magutom ako'y okay lang," sabi niya. "Basta ang unahin natin ngayon ay ang iyong mga gamot at pagpapadoktor. Saka na lamang ako kakain. At saka bakit naman natin isasanla ang bahay at lupa? Paano kung dumating ang araw na kailangang tubusin natin iyon ay wala tayong pantubos? Saan na tayo titira? Interes mo ang aking pinangangalagaan dahil kahit pa inilagay mo sa pangalan natin ang titulo na iyon ay mas marami kang hirap para maipundar iyon."

Napangiti ito. "Hindi ko talaga alam kung ano na ang aking gagawin kung wala ka dito sa aking tabi. Ngayon ko naisip na mahal mo nga talaga ako at hindi lamang ang naibibigay ko sa iyo ang habol mo."

"Kailan mo naman naisip na pera o katawan mo lang ang habol ko?" tanong niya rito. "Marami akong puwedeng sabitan diyan na mga matrona na mas malaking halaga ang ibibigay sa akin kaysa sa 'yo. Pero sa iyo ako nagtagal dahil masaya kang kasama, mabait at higit sa lahat ay maganda; kung hindi ka lang naging pokpok ay naging santa ka siguro."

"Marami ang nagsabi sa aking wala ka daw kuwentang lalaki," anito. "Imbis na ikaw daw ang magsustento sa akin ay ako ang nagsusustento sa 'yo...."

"Kung alam lang nilang nagsusumikap naman ako, hindi ba?"

"Alam ko 'yon," masuyong sabi nito. "At ngayon ay pinatunayan mo nang kahit sa paghihirap ay sinasamahan mo ako."

"Magpahinga ka na," utos niya. "Huwag mo nang isipin ang mga sinasabi ng mga walang kuwentang taong iyon. Basta ang mahalaga ay magkasama tayo at ikaw ay gagaling. Sa panahon ng krisis, hayaan mong ako na muna ang mag-isip ng solusyon."

Napangiti ang mapuputlang labi ni Rosemarie; sa hirap na dinanas sa pagkakasakit ay wala nang sigla ang dati ay napakagandang mukha nito. Ang dati ay namumulang mga pisngi ay walang kakulay-kulay; ang masigla at maharot na kilos ay nahalinhan ng mga pilit na galaw lalo na kapag umaatake ang sakit ng katawan.

Pumikit na ito. Hinagkan ito ni Mandy sa noo at saka siya lumabas ng silid. Ipinasya niyang magtungo sa hospital grounds upang manigarilyo at mag-isip.

Napakabata pa ni Rosemarie para mamatay. Ano ba ang halaga ng isang milyong piso kung manunumbalik naman ang dating kalusugan nito. Malamang na madali na iyong kitain kung ito ay

sasabak muli sa masalimuot na daigdig ng pelikula at magsasayaw gabi-gabi sa nightclub. Ilang matatandang customers lang ang katapat na halaga ng panggastos sa operasyon.

Ang problema ay kung saan kukuha ng pera....

Nagtataka rin siya kung bakit nababagabag siya sa kalagayan ng nobya. Dati-rati ay wala siyang pakialam; nagkaroon na rin siya ng mga ka-live-in na babae ngunit hindi ganito ang kanyang nadarama. Kung tutuusin ay puwedeng iwan na lamang niya si Rosemarie at maghanap ng ibang babaeng magsusustento sa kanya. Subalit sa kalagayan nitong iyon ay hindi niya magawang iwan na lamang ito basta.

*Siguro nga'y mahal ko na rin siya,* amin ni Mandy sa sarili. Kahit pa pang-ilang lalaki na siya sa buhay nito. Dati kasi ay salapi lang ang habol niya sa babae. Siya ang tipo ng lalaking gagamitin ang katawan para hindi masabak sa kung anu-anong trabaho dahil wala siyang pinag-aralan. *Hindi naman ako masamang tao na kung kailan down na down siya ay saka ko siya iiwan,* sabi niya sa sarili habang nagmumuni-muni.

Naroon na ang nagtitinda ng pang-umagang diyaryo. Agad siyang dumukot ng baryang pambili at saka naupo sa may gutter at nagsimulang

magbasa. Matapos basahin nang pahapyaw ang mga pangunahing balita sa front page ay agad niyang tiningnan ang balita sa pampalakasan pagkatapos ay ang mga balita sa showbiz na ang hinanap. Sa pagbuklat sa pahayagan ay ang pahina ng mga obituwaryo ang nakita niya at may isang full page na anunsyo roon tungkol sa pagkamatay ni Don Ishmael Del Carmen.

Napakunot-noo si Mandy. Hindi lang ilang beses niyang narinig ang pangalan ng mayamang don na iyon mula kay Rosemarie noong dancer pa lamang ang babae sa isang maliit na club sa Quezon City.

"Niyaya pa nga niya akong pakasal noon, eh," minsang nasabi nito noong bago pa lamang sila nagsasama. "Pero, siyempre, tinanggihan ko dahil buhay pa noon ang kanyang asawa. Ang hindi ko natanggihan ay ang mga regalo niyang alahas, ang mga damit, kotse. Malapit na niya akong ibili noon ng condominium nang makialam 'yung mga moralista niyang kapatid, eh. 'Tapos ay dumating ka sa buhay ko at sinuwerte na ako sa trabaho at napasok sa showbiz."

Ayon sa obituwaryo ay nakatakdang ilibing sa makalawa si Don Ishmael sa mausoleum ng mga Del Carmen sa probinsya at kasalukuyan itong nakaburol

sa *Santuario de San Antonio* sa *Forbes Park*.

Noon din ay ipinasya ni Mandy na tumawag ng taxi at nagpahatid sa chapel na kinabuburulan ng don. *Mag-o-ocular inspection muna ako,* aniya sa sarili.

Sa burol ni Don Ishmael ay nakihalo siya sa mga nakikiramay.

"It is so sad," sabi ng isang matrona sa mga kausap nito. "Kung kailan nagbabago na siya at pangako niyang magpapakasal kami dahil iyon ang hiling ni Sylvia sa kanya—na ako ang magiging pangalawang Mrs. Del Carmen."

"Hindi kaya totoo ang balitang may pinakasalan nang iba si Ishmael?" tugon ng isa sa mga kausap nito. "Hindi ba't may intriga rin na marami siyang naanakang babae?"

"Kung mayroon man ay dapat noon pa lumabas ang kung sinu-sinong bastardo," hamon ng matrona. "Ang posible ay ang mga babae kabi-kabila. Heaven forbid na may isang scheming bitch na lilitaw at mag-claim na kasal ito kay Ishmael! Naalala ko tuloy ang acting na ginawa ko nang sugurin ang isang bold dancer na pinakasalan daw ni Ishmael noon."

"Sino 'yon?"

Naalala ni Mandy na dala niya ang maliit na cassette recorder na pinatutugtog sa ospital kapag nababagot; nasa loob iyon ng bulsa ng kanyang jacket. Lihim niyang pinindot ang buton para mai-record ang usapan.

"Ah, isang bold dancer na menor de edad na maraming alias," tugon ng nagmamayabang na matrona. "Pinakiusapan ako nina Eliza at Cita na magpanggap bilang Mrs. Del Carmen at sinugod namin ang babaeng ito na pinakasalan nang lihim ni Ishmael sa nightclub na pinagtatrabahuhan nito. Anyway, nasiyahan na sa ilang libong suhol ni Eliza ang bata at mula noon ay wala na kaming narinig sa kanya. Mula noon ay napakarami nang mga babae ang ipinasugod sa akin nina Eliza at Cita. I have lost count of them!"

"Pero ang tanong ay pinakasalan ka ba naman ni Ishmael?" tanong ng isang intrigerang matrona. "At maganda naman ba 'yung dancer?"

"Well, not really," pag-amin ng babae. "Men were crazy over her because of her hair. Iyon lang naman ang kanyang tanging asset at wala nang iba! At d'un sa una mong tanong, it's nice to be considered as a candidate bilang Mrs. Del Carmen gayong ang taste ni Ishmael ay mura... mumurahing karne, hindi ba?"

Nagtawanan ang mga ito.

"Kapag namatay nga naman ang isang playboy na katulad ni Ishmael, ano. Napakaraming mga usapin ang dapat na i-claro at pagtakpan lalo pa't sina Eliza at Cita ay sobra ang pagpapahalaga sa pangalan ng kanilang familia. Pero wala nang ginawa ang kanilang kapatid kundi ang sirain nang sirain ang kanilang magandang pangalan. Mabuti pa si Edmundo Ricardo na sa ibang bansa ginagawa ang kanyang mga pambababae at hindi nababalitaan ng kanyang mga tiya ang kanyang mga gawain," sabi ng isa pang matrona saka nito napansin na nakikinig sa usapan nila si Mandy. "Are you a friend of Ishmael's?"

"Not really, Ma'am," tugon niya. "Nakakalungkot naman po at kinuha na siya ni Lord." Sa pagtataka niya ay nagtawanan ang mga babae.

"Si Ishmael, kinuha ni Lord!" bunghalit ng isa sa mga ito. "Tiyak na sa bahay-aliwan ni Satanas iyon nagpunta at nambababae!" Muli na namang nagtawanan ang mga ito.

"But you can't deny the fact that he was very generous, hindi ba?" pag-amin ng isa pang matrona. "Ang kanyang mga charitable acts ang sa palagay ko'y konsuwelo sa kanya ni Lord kaya nanatiling intact ang kayamanan ng mga Del Carmen."

"His son, Edmundo Ricardo, should be a very shrewd person dahil sa pagkamatay na ito ng kanyang papa ay tiyak na marami ang mag-aakalang ipagpapatuloy niya ang pagiging galante ng kanyang ama," komento naman ng isang babaeng nakisali sa usapan.

"Ishmael and his son have one thing in common," natatawang sabi ng pasimuno sa usapan.

"What is that?" tanong ng isa.

"They have this weakness for women," tugon nito. "They could never resist the lure of a very beautiful woman. Sila ang tipo ng mga lalaking madaling maakit kapag natitigan na ng mapupungay na mata. Lalo na kapag napakitaan din ng malalim na cleavage."

"But it can't be denied that Edric is different from his father."

"Yes, he's more handsome at magaling ang upbringing na ibinigay sa kanya ng nasirang si Sylvia."

"I agree...."

Si Mandy ay nakinig lang nang nakinig at itinatak sa isip ang lahat ng napakinggan. Sa pakikinig din nito ay kaakibat ang pamumuo ng isang plano.

*Si Rosemarie ang sinugod na iyon sa nightclub.... Talagang may weakness pala sa babae si Don Ishmael at ang anak nito, huh?* aniya sa sarili. *Ang kailangan ko na lamang ngayon ay isang magandang babae....*

---

Pagdating sa tirahan nila ni Rosemarie ay agad na hinanap ni Mandy ang lagayan ng nobya ng mga papeles. Hinalungkat niya ang bungkos ng mga sulat at kung anu-anong maliliit na mensahe na natanggap nito mula noong ito ay dancer pa lamang sa isang nightclub. Hanggang sa natagpuan niya ang isang maikling liham na galing kay Don Ishmael kung saan buo ang pirma nito. May ilang card din siyang nahalungkat na nakakabit pa sa natuyot na bouquet ng mga bulaklak na ipinadala ng don kay Rosemarie.

"Hah, nandito ka lang pala!" aniyang hinagkan pa ang papel. "Malaking kapakinabangan ang idudulot mo sa akin."

Pagkatapos iligpit ang ikinalat na mga sulat ay ang susi sa tokador naman ang kinuha niya sa taguan ng nobya at saka kinuha ang ilang pirasong alahas na naitatago pa nito. *Kakailanganin ko ang mga ito sa mga taong dapat bayaran....*

Pagkatapos ibenta ang alahas sa isang alahera

ay saka nagtungo si Mandy sa dating tambayan sa Quiapo kung saan may kakilala siyang magaling na forger.

"Kailangan ko ring mailagay sa rehistro ng city hall ito sa ngayong araw din mismo," sabi niya sa taga-palsipika. "Pero siyempre, kailangan ay maisingit sa isang entry na pitong taon na ang nakakaraan, ha?"

"Malaki ang bayad sa ganyang milagro, Mandy," tugon ng lalaking kilala sa taguring Asiong. "May alam akong rehistro na pagsisingitan ng kasal na ito na hindi naman naganap. At mayroon din akong alam na kulto na maaaring pinagdausan ng kasal...."

"Magkano?" tanong niya.

Napangiti si Asiong nang magsabi ito ng halaga. "Mayroon ka diyang limang libo?"

Saglit na nag-isip si Mandy. Ang halagang iyon ay dalawang araw na gastos ni Rosemarie sa gamot at bayad sa ospital. Mahirap pakawalan ang ganoong halaga sa mga sandaling iyon na tangan na niya ang pera.

*Ah... milyon ang magiging kapalit nito!* "Okay," pasya niya, "limang libo kung limang libo. Basta hindi ka papalpak ay dadagdagan ko pa ang limang libo mo."

"'Yan ang gusto ko sa 'yo, Mandy," nakangiting sabi ni Asiong. "Magaling kang customer." Saglit ay may naalala ito. "Wala na ba kayo n'ung ka-live-in mong bold star?"

"Siya nga mismo ang babaeng nakasaad diyan sa marriage contract na ipinagawa ko, eh," tugon niya. "Basta ang gawin mo ay isingit mo sa rehistro sa city hall ang dokumento at siguruhin mong hindi tatanggi ang kulto na iyon na sinabi mong pinagdausan kunwari ng kasal."

"Masusunod, basta may limang libo," ngisi nito.

Dinukot ni Mandy ang pera sa bulsa at ipinatong iyon sa nakalahad na palad ni Asiong.

Noon din mismo ay nagsimula nang gayahin ng forger ang mga signatures nina Rosemarie at Don Ishmael at sa loob lamang ng isang oras ay may nai-produce itong isang marriage contract na pirmado ng kung sinu-sinong mga tao. Ang papel ay mukhang noon lamang napirmahan. "O, certified true copy na iyan," pagmamalaki nito na inamuy-amoy pa ang papel. "Bukas, ikaw na mismo ang mag-check sa city hall kung naipasok na ang papeles sa rehistro ng mga kasal. Isang buwan lang na renta ang limang libo para manatiling nakasingit ang dokumento ng kasal sa rehistro, ha?" paalala pa nito sa kanya.

"Ano'ng ibig mong sabihin?" Napakunot-noo siya.

"Ibig sabihin, pagkatapos ng isang buwan ay wala na ang dokumento sa libro ng mga rehistro ng kasal," paliwanag nito. "Pero kung nais mong lumitaw uli dahil baka may magsisiyasat ay panibagong limang libo na naman, okay?"

"Ganoon ba iyon?" tanong niyang may pagdududa.

"Oo, Mandy, pero malinis naman ang trabaho," anitong medyo hinimas-himas pa ang papel. "Kapag wala doon ang kamukha nitong mga papeles na ito bukas ay bawiin mo ang pera mo dahil lahat ng trabaho ko ay garantisado."

"Paano mo napagmukhang luma ang papel?" tanong niya.

"Isinasalang lang iyan ng ilang minuto sa ibabaw ng takip ng kaldero ni Intsik Beho," sagot ni Asiong na medyo nilukut-lukot ang papeles bago isinilid iyon sa isa pang lumang brown envelope. "Sige. Sa muling kailanganin mo ako, ha?"

"Sige," ani Mandy na kinuha na ang envelope at saka nilisan ang masikip na shop at kunwari ay nagpa-xerox lamang siya.

Habang pabalik sa ospital ay iisa na lamang ang

tangi niyang isipin. *Saan ako hahagilap ng babaeng magpapanggap na si Rosemarie? Kailangang humanap ako ng babaeng mahaba din ang buhok at kung hindi man masyadong kagandahan ay mapa-makeup-an na lamang sa makeup artist ni Direk Lauro!*

Naglalakad siya sa pasilyo ng ikatlong palapag nang matapat siya sa male ward at muling napuna ang pangalan ng pasyenteng nabasa sa folder na nasa ibabaw ng mesa ni Dr. Pagarigan noon. Naging curious siya at sumilip sa ward. Nakita niya sa dulong sulok ang isang nagbabantay na babaeng may mahabang buhok.

*Iyon siguro ang pasyente ni Doc na pareho ng sakit ni Rosemarie,* konklusyon ni Mandy na muling isinara ang pinto ng male ward at nagtungo na sa silid ng nobya.

---

Lumaon ang gabi na laman ng isipan ni Mandy ang mga dapat na isagawa sa darating na araw. Ang hindi pa nito nasisiguro ay ang babaeng iyon na nakita sa male ward.

*Kailangang makausap ko ang babaeng iyon!* resolba nito. *Tiyak na hirap na hirap na rin iyon sa pag-iisip kung saan kukuha ng pera.... Kung may salapi*

*siya ay tiyak na hindi sa ganoong ward lamang naka-confine ang kanyang ama!*

Panay ang balik nito sa tapat ng male ward; panay ang silip at nag-abang ng pagkakataong makausap si Anne.

*Hindi ba lalabas man lamang ang babaeng iyon?* sabi ni Mandy sa isip na inip na inip na. Nasa tapat ito ng nurse's station nang mapansin ang dalagang may tangan na thermos.

"Ah, Nurse, puwede po bang humingi ng mainit na tubig?" tanong ni Anne sa nurse na naka-duty.

"Sige, iwan mo na muna d'yan ang thermos mo at kasasalang pa lamang ng tubig," sagot ng nurse. "Balikan mo mamaya."

Nang ilagay ni Anne ang thermos sa malapit sa initan ng tubig ay nakita niyang ilang thermos na ang nakapila roon para punuan. Alam niyang matagal pa ang kanyang ipaghihintay kaya ipinasya niyang bumaba muna sa hospital grounds at magpahangin.

Paglakad patungo sa hagdanan ay napansin niya ang lalaking iyon na tila sumusunod sa kanya. Upang makatiyak ay nagtungo na lamang siya sa may elevator. Saka pa lamang nawala ang kaba sa kanyang dibdib nang hindi na siya sinundan nito.

Dumaan siya sa cafeteria at saka nag-order ng kape na nakalagay sa styropor pagkatapos ay lumabas siya sa hospital garden kung saan mayroong fountain.

Sinisimulan pa lamang niya ang pag-iisip ng solusyon kung saan kukuha ng malaking halaga ng pera para ipangtustos sa operasyon ng ama ay saka niya namalayang may tao sa kanyang likuran.

# 2

"Ah... excuse me," panunuyo ng lalaking kanina ay suspetsa ni Anne na sumusunod sa kanya.

Nasa akto na siyang lalayo dahil hindi siya interesadong makipag-usap sa kung sinu-sino. Ang una niyang impresyon sa lalaking iyon ay makikipagkilala lamang upang magpalipas-oras sa pakikipagkuwentuhan sa kanya. "Sorry," aniyang nasa akto ng palayo.

"Hintay," pigil ng lalaki na agad siyang hinawakan sa braso. "Please," pakiusap nito, "mahalaga ang sasabihin ko sa iyo."

"Hindi kita kilala," tugon niyang medyo may takot sa tinig.

"Ang pangalan ko ay Mandy," pakilala nito sa sarili na bumitaw sa pagkakahawak sa kanyang braso dahil pinalis niya ang kamay nito. "Hindi ako masamang tao at wala akong tangka sa 'yong di-mabuti. Nais lang kitang makausap."

"Kung walang kuwentang usapan lamang ang hanap mo'y wala akong panahon," pasuplada niyang saad.

Sumabay sa kanyang paglakad ang lalaki. "Ang sasabihin ko sa 'yo ay mahalaga."

"Puwede ba, huwag mo akong sabayan," galit niyang sabi.

"Alam ko kung ano ang problema mo," patuloy nito.

"Wala kang pakialam sa aking problema. Ang problema mo ang intindihin mo at ako ang bahala sa sarili kong problema!"

"Nais kong magkatulungan tayo sa ating mga problema dahil pareho tayo ng...."

Nakarating na sila sa entrada ng lobby ng ospital kung saan ligtas na ang kanyang pakiramdam dahil naroon ang security guard at may mga taong paroon at parito kahit sa oras na iyon ng hatinggabi.

"Hindi mo ba ako lulubayan?" aniyang hinarap ito na may matalim na tingin.

"Hindi, hangga't di mo naririnig ang nais kong sabihin," tugon nito. "Makinig ka naman kahit sandali dahil alam kong mauunawaan mo ako.... Alam kong nangangailangan ka ng malaking halaga para sa operasyon ng ama mong may-sakit. Ang doktor ng father mo at ni Rosemarie ay si Dr. Pagarigan. Si

Rosemarie ay aking kapatid," pagsisinungaling nito, "at pareho rin ng ama mo na nangangailangan ng kidney transplant."

Natigilan siya at tinitigan nang mabuti ang lalaki, kung ito ba ay mukhang sinsero o baka nanloloko lamang at ginagamit ang ilang impormasyon tungkol sa karamdaman ng ama niya upang makuha ang kanyang simpatya. "Paano mo nalaman ang sakit ng aking ama gayong hindi naman iyon sasabihin ng doktor sa kung kani-kanino?" tanong niyang may suspetsa sa tinig.

"Nabanggit ni Doc, mga tatlo o apat na araw na ang nakalilipas, na may isa rin siyang pasyenteng lalaki na katulad ng kay Rosemarie ang sakit," paliwanag nito. "Hindi binanggit ni Doc kung sino iyon, pero nang umagang mag-rounds siya sa kanyang mga pasyente ay dala niya ang patient's profile ng father mo; namataan ko ang pangalan ng tatay mo at kung saang ward siya naka-confine. Sumilip ako sa male ward kanina para makita ang ama mo, pero nang makita kita'y nagkaroon agad ako ng ideya dahil pareho kayo ni Rosemarie na mahaba ang buhok. Hanggang baywang din ang haba ng buhok ng sister ko at may puyo din siya sa noo na katulad mo."

"Ano ang kinalaman ng mahabang buhok at puyo

sa noo sa pagkakasakit ng daddy ko at ng kapatid mo?" tanong niyang nayayamot.

"Kaya nga kung pagbibigyan mo akong sabihin sa 'yo ang aking plano ay malalaman mo ang koneksyon," tugon nito. "Pareho tayong nais mailigtas sa kamatayan ang ating mga mahal sa buhay. Kung naiisip mong napakahirap gawin iyon na nag-iisa ka ay gayon din ako. Kaya ako nag-isip ng paraan para maayos ang ating problema."

Napawi ang alinlangan sa dibdib ni Anne nang makita ang kalungkutan sa mukha ng lalaki. Hindi naman pala siya nag-iisa sa ganoong uri ng suliranin dahil may isa pa palang idinamay pa siya sa kalutasan ng sarili nitong problema. "Ano ang nais mong sabihin?" tanong niyang medyo wala na ang pagka-defensive sa tinig.

Nagliwanag ang mukha ng lalaki at agad na sumibol ang pag-asa sa mga mata nito.

Nang yayain siya ni Mandy sa cafeteria ng ospital ay pumayag siya at doon niya ipinagpatuloy ang kanyang pagkakape.

"Ang aking kapatid na si Rosemarie ay mas kilala sa pangalang Collette Valencia," simula nito nang pareho na silang may kaharap na tasa ng kape.

Wala siyang naging reaksyon sa pagkakabanggit ng pangalang iyon.

"Si Rosemarie ay isang papasikat pa lamang na artista," patuloy nito. "Collette Valencia nga ang kanyang screen name."

"Isa siyang... sexy actress?" hula niya nang medyo maalala ang isang artistang mahaba ang buhok at madalas na maging sentro sa media ng mga blind items na malalaswa dahil nali-link di-umano ito sa kung sinu-sinong lalaki. Nakakita na rin siya ng mga tabloids sa bangketa na naglalathala ng mga litrato ni Collette Valencia na ang nakatakip lamang sa maseselang bahagi ng katawan nito ay ang mahabang buhok.

"Ganoon na nga," sagot nito. "Siya 'yung tipo ng artista na naghuhubad sa pelikula; ang mga pelikulang ginagawa niya ay mga pelikulang walang istorya na panay hubaran lamang ang ginagawa. Beinte cinco años pa lamang siya at nais pa niyang mabuhay nang matagal. Noong teen-ager pa lamang siya ay naging star dancer siya sa isang sikat na nightclub sa Quezon City. Pero sa dami ng kanyang kinita simula pa noong siya ay teen-ager ay hindi siya nakaipon ng kahit konti man lamang para sa kanyang sarili. Sinisisi ko rin ang sarili ko dahil imbis na makatulong

ako sa kanya ay naging pabigat pa ako. Noong ako ang nangailangan ay hindi ako nagdalawang-salita sa kanya dahil maagap siya sa pagbibigay sa akin ng tulong. Ngayong siya ang nangangailangan ay hindi ko siya maaaring talikuran. Pero sa ngayon, ang iniisip ko ay kung saan ako kukuha ng perang gagastusin sa kanyang operasyon at gayon ka rin para sa iyong ama. May naisip akong solusyon, pero kailangan ko ang tulong mo."

Napakunot-noo siya. "Paano?"

"Ganito 'yon," simula nito, "nang makita kong pareho kayo ni Rosemarie na hanggang baywang ang buhok ay nagkaroon ako ng ideya. Ikaw ang kukuha ng perang gagastusin para sa aking kapatid at para sa iyong ama."

Lalong lumalim ang kunot sa kanyang noo subalit hindi iyon nakabawas sa ganda ng kanyang hugis-pusong mukha na kasing-liit ng mukha ng imahen ng Mahal na Birhen.

"Noong seventeen si Rosemarie," patuloy nito, "at bago pa lamang siya sa pinapasukang nightclub ay nakilala niya si Don Ishmael Del Carmen. Natipuhan siya ng mayamang don na ito, niregaluhan ng kung anu-ano at nang hindi siya mapapayag na mailabas ng club ay inalok siya ng bahay at lupa. Pero nang

hindi pa rin siya pumayag ay inalok siya nito ng kasal. Dahil nga sa siya ay menor de edad ay inilihim nila ang kanilang relasyon. Naghintay sila hanggang sa mag-eighteen si Rosemarie at saka sila nagpakasal nang lihim; noon naman nalaman ng kawawa kong kapatid na buhay pa pala ang asawa ni Don Ishmael. Napilitan silang maghiwalay dahil tinakot siya ni Mrs. Del Carmen na ipapapatay at tinapalan na lamang siya ng salapi ng mga kapatid ni Don Ishmael para manahimik. Mula noon ay lalo nang nalugmok sa putikan ang aking kapatid hanggang sa magpalipat-lipat siya sa kung sinu-sinong mga lalaki na ang nais lang gawin ay kuwartahan siya.

"May mga pagkakataong wala siyang trabaho dahil nalulong din siya sa drugs at ang mga walang kuwentang lalaking iyon ay iniwan na lang siyang sukat. Pero si Rosemarie ay isang fighter; palagi siyang bumabangon sa lahat ng kanyang pagkakamali. Pero ngayon ay hindi na niya makayang bumangong mag-isa. Nakaya niya ang mga death threats ng kung sinu-sinong mga babaeng nagseselos dahil nahuhumaling sa kanya ang mga asawa nila; nakabangon siya sa pagkakagumon sa drugs, sa alcohol, maski sa sex at ngayon ay kailangan niyang makaahon sa kanyang pagkakasakit, pero paano pa mangyayari iyon kung nakaratay na siya?"

"Ano ang magagawa ko?" tanong niyang pilit inuunawa kung saan siya pumapasok sa solusyon na naisip nito. "Sa abot ng aking nalalaman, walang karapatan ang kapatid mo na mag-claim ng kahit ano dahil buhay pa ang asawa ni Don Ishmael nang ikasal siya sa huli. Wala kayong habol—"

"Mayroon!" biglang putol nito. "Patay na si Don Ishmael at nagtungo ako sa kanyang burol. Kaninang umaga ko lamang nalaman na hindi pala tunay na asawa ni Don Ishmael ang sumugod at nanabunot kay Rosemarie noon. Ang tunay na Mrs. Del Carmen ay sampung taon nang namamatay. Pero ang kasalang naganap kina Don Ishmael at Rosemarie ay pitong taon pa lamang ang nakararaan. Ipinagwalang-bahala na lamang namin ng aking kapatid ang tungkol sa kasal dahil nga sa bantang iyon ng babaeng pinagpanggap ng mga kapatid ni Don Ishmael. Ipinalagay na lang namin na walang bisa ang kasal na iyon dahil nga sa pag-aakalang buhay pa ang tunay na Mrs. Del Carmen. Nilinlang nila ang aking kapatid!" mariing bulalas nito na napakuyom pa ang mga kamay sa galit. "Dapat ay hindi na nalubog sa kasalanan si Rosemarie at dapat ay nagbuhay-doña na lamang siya. Subalit dahil sa ganid din ang mga kapamilya ni Don Ishmael at ang kapatid ko naman ay napakabait, nagsawalang-kibo na lamang kami. At ngayon ay

tamang panahon na para hingin ng aking kapatid ang karapatan na dapat ay sa kanya bilang asawa ng namatay."

At para lalo siyang maniwala ay inilabas nito ang maliit na cassette player at pinindot ang play. Hayun kaagad ang sinabi ng matronang nagmamalaki na ito ang nanugod sa mga naging babae ni Don Ishmael noon.

"Nakapagtanung-tanong ako na ang babaeng iyon na nagsalita ay isang kaibigan ng pamilya ng mga Del Carmen," paliwanag pa ni Mandy. "Ang pangalan niya ay Adelina Castillejo, kaibigang matalik ng kapatid ni Don Ishmael na si Eliza Del Carmen."

Unti-unting nabuo sa utak ni Anne ang istorya ng lalaki. Nauunawaan niyang may basehan ang claim na nais nitong gawin sa pamilya ng mga Del Carmen. Kaakibat niyon ay ang kanyang pagnanais na magkaroon ng sapat na halaga para maoperahan na ang ama niya.

*Kahit na anong paraan ay gagawin ko,* pangako niya sa isip. "Ako si Anne Peralta," simula niya sa pakikipagkilala. "A-ano ang nais mong gawin ko?" pag-aatubili niyang tanong.

"Nais kong magtungo ka sa libing ni Don

Ishmael sa makalawa ng hapon sa Sto. Domingo at magpakilala ka bilang si Rosemarie—ang legal na pangalawang asawa ni Don Ishmael!"

"Ha?"

"Hindi ka nila aanuhin sa sementeryo," paniniguro nito. "Una ay malamang na hindi ka nila kibuin. Pero tiyak na kikilos ang kahit isa sa kanila para hindi na malaman pa ng ibang tao ang tungkol sa iyo. Gagawa at gagawa sila ng paraan para mapagtakpan ang baho ng kanilang pamilya."

"Hindi kaya gipitin nila ako at pilit na paamining ang pakay ko lamang ay mang-extort?"

"Ganoon na nga ang kanilang iisipin at gagawin," sang-ayon nito. "Pero ang dapat mong isipin ay tunay ang iyong claim at suportado ka ng mga papeles ng kasal nina Don Ishmael at Rosemarie. Sinasabi ko sa iyo ito dahil hindi kaya ng aking kapatid na siya mismo ang magtungo roon para gawin iyon; ni hindi nga niya maiangat kahit ang isa niyang daliri, ang humarap pa kaya sa pamilya ni Don Ishmael para lumaban? Ang isipin mo ay para sa kapakanan ng isang babaeng tulad mo na inapi at para sa ama mo na nangangailangan din ng malaking halaga para sa operasyon. Lutas na ang ating problema kapag napalusot mong ikaw si Rosemarie. Sabihin mo ang

dahilan na kailangang-kailangan mo ang salapi. Puwede mong sabihing ipagagamot mo kunwari ang tiyo mong nagpalaki sa iyo dahil ito ay may-sakit at hihingin mo na rin ang karampatang halaga para ikaw ay manahimik sa habang-panahon. Hindi ba napakadali n'on? Hati tayo sa perang makukuha mo sa mga Del Carmen."

"Paano kung hindi sila magbigay agad?"

"Magbanta ka na makakarating sa korte ang kaso kapag hindi ibinigay ang claim mo," sabi nitong iniabot sa kanya ang kipit-kipit na envelope sa kilikili. "Tandaan mo, may mga papeles kang pinanghahawakan. Ipakita mo sa kanila ang certified copy at hamunin mo silang magsiyasat din sa city hall at sa simbahan kung saan ikinasal sina Don Ishmael at Rosemarie. At may kopya na rin ng voice tape d'yan sa envelope. Sabihin mo sa kanilang kahit pa sunugin nila ang mga dala mong ebidensya ay mayroon ka pang nakatagong kopya."

Inilabas niya ang mga papeles na nasa loob ng envelope at nawala nang lubusan ang kanyang alinlangan tungkol sa validity ng claim dahil may papeles naman palang hawak si Mandy.

"May karapatan ang aking kapatid na hingin ang dapat ay sa kanya," muling sabi ng lalaki. "Pagkatapos

ng libing ay tiyak na basahan na ng testamento at iyon ang pinakamagaling na oras para ikaw ay umentra at harapin ang mga tagapagmana ni Don Ishmael. Iisa lang naman ang kanyang anak at may dalawa siyang kapatid. Tatlo lang kung tutuusin ang iyong magiging kalaban. At magkano lang sa kanila kung babawasan mo sila ng tig-iisang milyong piso mula sa kanilang mamanahing daang milyon? Papayag na ang mga iyon sa ganoong halaga para hindi na gumulo pa ang kanilang pamilya. At kapag nagmatigas sila at kaladkarin mo ang malinis nilang pangalan sa eskandalo ay maliit pa ring halaga ang tatlong milyon. Mayaman ang mga Del Carmen; gahaman sa salapi at mapagmalinis ang mga kapatid ni Don Ishmael. Iisipin ng mga iyon na imbis na tatlo lamang silang maghahati-hati sa naiwang kabuhayan ni Don Ishmael ay nadagdagan pa ng isa! Lalo din silang mandidiri kapag nalaman nilang si Rosemarie ay isang bold actress sa kasalukuyan at malamang na makaladkad ang pangalang Del Carmen sa pinakamumurahing mga tabloids sa buong bansa. Pagtatawanan sila ng kanilang mga kaibigan sa alta-sociedad at iyon sa lahat ang ikinatatakot nila."

Nag-isip-isip muna si Anne. "Bakit hindi ka na lamang kumuha ng abogado para siya'ng umasikaso ng lahat?" suhestyon niya.

"Mabagal ang proseso na mangyayari kapag abogado ang pinapunta natin doon," rason ni Mandy. "Desperado tayong pareho. Anne," malamyos nitong bigkas sa kanyang pangalan, "isipin mo, kapag abogado ang pinapunta natin ay tiyak na abogado din nila ang ipakakausap sa ating abogado; kung anu-anong che-che-bureche ang mangyayari at mauubusan na tayo ng oras. Bawat araw ay mahalaga para kay Rosemarie at sa ama mo!"

"Paano kung ipaimbestigahan nila ako? Hindi ba makakatagal din iyon?"

"Nasasaiyo na ang paraan kung paano mo makukuha sa kanila ang halagang kailangan natin para mabigyan ng go-signal ang ospital na may pambayad na tayo sa operasyon. Alam mo naman ang mga ospital ngayon, walang operasyon kung walang deposito. At hayaan mo lang mag-imbestiga ang mga Del Carmen. Huwag kang matakot dahil wala ka namang ginawang mali para paghinalaan ka nila. Basta isipin mong walang masamang record si Rosemarie. Ang tangi mo lamang aaminin ay isa kang bold actress at dating dancer sa nightclub. May kilala akong movie reporter na puwede nating bayaran at pasasamahin ko siya sa 'yo."

"Huwag na," tanggi niya. "Baka lalo lang na hindi

ibigay ang ating hihingin."

"Hey, hindi basta-basta na mga tao ang babanggain mo," pilit nito. "Isipin mo na para kang susugod sa kural ng mga asong Doberman at German Shepherd—may mga breeding na aso pero linta kung makaatake!"

Napahigop siya sa kanyang tasa ng kape.

"Sige," muling sabi nito, "para masabi mong hindi ko iniaasa lahat sa iyo ang kalutasan ng ating problema ay bukas na bukas din, kukunin ko ang titulo ng bahay at lupa na minana namin ni Rosemarie sa aming mga magulang. Isasanla ko iyon para may sapat tayong halaga para simulan nang i-operate sina Rosemarie at ang father mo para sa operasyon. Kailangan na talagang maoperahan sila dahil malamang, sinabi rin sa iyo na huwag nang paabutin pa sila ng tag-ulan na hindi pa naooperahan, hindi ba? Habang inaasikaso mo ang tungkol sa makukuha sa mga Del Carmen ay aasikasuhin ko ang paghahanap sa lahat ng mga dapat asikasuhin dito sa ospital."

"May kamag-anak kaming nais maging donor at match naman sila ng father ko," tugon niya.

"Mabuti pa ang father mo," malungkot na sabi nito. "Kay Rosemarie ay walang nais magbigay nang libre; malamang na bayaran ko na lang din ang isa

sa mga kamag-anakan namin para maging donor. Basta dapat hindi ka sumablay; ako na ang bahala dito. Ibigay mo sa akin ang address ng kamag-anak n'yong donor. Pagdating mo at dala na ang pera ay saka natin bibigyan ng go-signal ang mga doktor nina Rosemarie na simulan na ang operasyon. O, hindi ba magandang usapan iyon?"

"O-oo... pero... hindi..."

"Huwag ka nang tumanggi," giit ni Mandy. "Ang pag-isipan mo'y kung paano mo maisasagawa ang pagpapanggap bilang si Rosemarie at kung anu-ano ang iyong dapat sabihin upang mapaniwala mo ang pamilya ni Don Ishmael na ikaw nga ang tunay na pangalawang asawa ng namatay na don. Tandaan mo, nasa kamay mo ang kaligtasan ng ating mga mahal sa buhay dahil pagkatapos nilang maoperahan ay kailangan pa rin nila ng malaking halaga para sa kung anu-ano pang mga gamot. Kung wala ang mga iyon ay bale-wala rin ang operasyon. At nasa kamay mo rin ang ikatutubos ng bahay at lupang minana naming magkapatid."

Tila nais na lamang ni Anne na maglahong parang bula; napakabigat na pasanin ang iniaatang sa kanya. Subalit ang ideya na may kakampi siya sa katauhan ni Mandy ay sapat na para magkaroon siya

ng lakas ng loob.

"Ikuwento mo pa sa akin ng isang beses ang lahat ng pangyayari," hiling niya sa lalaki. "Sabihin mo uli sa akin ang sitwasyon, kung anong uri ng babae si Rosemarie at kung ano ang dapat kong gawin...."

At inulit ni Mandy ang pagsasalaysay sa mga pangyayaring gawa-gawa lamang nito.